

Isang komprehensibong pagsusuri sa danas ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum

Abadiano, Anne Bernadette J. 

Leyte Normal University, Philippines (abadianoanne2001@gmail.com)

Received: 1 May 2026

Available Online: 17 May 2026

Revised: 15 May 2026

DOI: 10.5861/ijrse.2026.26204

Accepted: 16 May 2026

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Sa paglipas ng panahon, patuloy na kinakaharap ng bansang Pilipinas ang iba't ibang suliranin sa larangan ng edukasyon partikular sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga mahahalagang kasanayan bilang pundasyon ng kaalaman. Gayunpaman, sa kabila ng implementasyon ng MATATAG Curriculum, nananatili ang ilang hamon sa mga guro sa bansa. Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang mga hamon na nararanasan ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum. Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng pamaraang Husserlian deskriptibong penomenolohikal. Lumabas sa pagsusuri na ang hamon na naranasan ng mga kaguruan sa implementasyon ng MATATAG Curriculum ay kakulangan ng training, limitadong access sa *instructional materials*, limitadong oras sa paghahanda ng aralin, dagdag na *workload at administrative tasks*. Sa kabilang banda, natulanan sa pag-aaral na ang pagkakaroon ng kolaborasyon at *peer support, self-directed learning*, paglahok sa mga seminars/webinars, *self-motivation*, at pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang mga mekanismo sa pagkaya ng mga guro upang malampasan ang mga hamon sa implementasyon ng MATATAG Curriculum. Bilang rekomendasyon, magbahagi ng mga *trainings/seminar/workshop na collaborative at reflective* sa bawat buwan, pagtaas ng pondo para sa sentralisado at organisadong pamamahagi ng mga *instructional materials*, pagbuo ng *sustainable* na sistema ng edukasyon at malawakang reporma sa ilang gawaing administratibo at *working hours* at pagkakaroon ng *teacher support staff system*.

Keywords: hamon, mekanismo ng pagkaya, MATATAG Curriculum

Isang komprehensibong pagsusuri sa danas ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum

1. Introduksyon

Ang edukasyon ay patuloy na nagbabago upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral at ng lipunan. Bilang tugon sa mga hamon sa sistema ng edukasyon sa bansa, ipinakilala ng Kagawaran ng Edukasyon ang MATATAG Curriculum na naglalayong pagtuunan ng pansin ang mahahalagang kasanayan sa pagbasa, pagsulat, at pagbilang, gayundin ang pagpapalakas ng pundasyong akademiko ng mga mag-aaral. Isinasaad sa pangkalahatang layunin ng K-12 Curriculum ng Pilipinas ang paghubog ng mga mag-aaral na may sapat na kasanayan, kaalaman, at pagpapahalaga na kinakailangan upang maging handa sa mga hamon ng makabagong panahon. Gayunpaman, sa kabila ng implementasyon nito, nananatili ang ilang hamon sa kalidad ng edukasyon sa bansa, partikular sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, matematika, at agham. Kaugnay nito, inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang MATATAG Curriculum, na nangangahulugang “*MAke the curriculum relevant to produce job-ready, Active and responsible citizens. TAke steps to accelerate the delivery of basic education services and facilities. TAke good care of learners by promoting learner well-being, inclusiveness, and a positive learning environment. Give support for teachers to teach better*”, bilang isang reporma upang mapabuti ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

Ang MATATAG Curriculum ay nakatuon sa pagpapagaan ng kurikulum, pagpapalakas ng pundasyong kasanayan tulad ng pagbasa at pagbilang, at pagbibigay-diin sa mahahalagang kompetensi na tunay na kailangan ng mga mag-aaral. Layunin din nitong tugunan ang mga natukoy na kakulangan sa kasalukuyang sistema ng edukasyon, kabilang ang sobrang dami ng learning competencies at limitadong oras ng pagtuturo. Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd, 2023), ang kurikulum na ito ay idinisenyo upang maging mas episyente, inklusibo, at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo. Sa kontekstong ito, mahalagang isaalang-alang ang papel ng mga guro sa matagumpay na implementasyon ng MATATAG Curriculum. Ang mga guro ang pangunahing tagapagpatupad ng kurikulum, kaya’t ang kanilang saloobin, pananaw, at antas ng pagtanggap ay may malaking impluwensya sa bisa ng pagpapatupad nito. Ayon kay Fullan (2007), ang tagumpay ng anumang repormang pang-edukasyon ay nakasalalay sa aktibong partisipasyon at pagtanggap ng mga guro. Kung positibo ang kanilang saloobin, mas nagiging epektibo ang implementasyon ng kurikulum.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Darling-Hammond, Hyler, at Gardner (2017) na ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro ay mahalaga upang mapabuti ang kanilang kakayahang umangkop sa mga pagbabago sa kurikulum. Sa kabilang banda, binigyang-diin nina Ornstein at Hunkins (2018) na ang kakulangan sa suporta, oras, at kagamitang panturo ay maaaring magdulot ng negatibong saloobin sa mga guro hinggil sa implementasyon ng mga reporma sa edukasyon. Samantala, ayon kay Bandura (1997), ang paniniwala ng mga guro sa kanilang sariling kakayahan o *self-efficacy* ay may malaking epekto sa kanilang pagtanggap sa mga pagbabago. Sinusuportahan ito ni Guskey (2002), na nagsasabing ang positibong karanasan at resulta sa pagtuturo ay nagpapataas ng kumpiyansa ng mga guro sa pagpapatupad ng mga bagong programa.

Ayon sa pag-aaral ni Lantaya (2025), bagama’t maraming guro ang may positibong saloobin at mataas na *self-efficacy*, natukoy ang mga hadlang gaya ng kakulangan sa instructional materials, sapat na pagsasanay, at mabigat na workload sa pagtuturo ng Home Economics sa ilalim ng MATATAG Curriculum. Sa pagdaragdag, mula sa pag-aaral nina Ta-Ala, Sullivan, at Martir (2025), mataas ang *attitude* at *commitment* ng mga lider sa paaralan, na maaaring maka-impluwensya rin sa saloobin ng mga guro. Bagama’t may mga hamon tulad ng pagbabalanse ng mga tungkulin at pamamahala, hindi nito nahadlangan ang maayos na pagpapatupad ng MATATAG Curriculum. Sa kabilang banda, ayon sa pag-aaral ni Demate et al. (2025), nakita na bagama’t itinuturing ng mga guro na malinaw at makabuluhan ang kurikulum, mas maraming hamon ang kinaharap ng mga guro sa pampublikong paaralan tulad ng labis na dami ng nilalaman ng kurikulum, mga hadlang na administratibo, at kakulangan sa mga

kagamitang panturo. At mabigat na trabaho, emosyonal na *stress* dulot ng kakulangan sa mga kagamitan, at ang pangangailangang magpatupad ng praktikal na hakbang.

Kaugnay nito, mula sa pag-aaral naman nina Saro et al. (2024), na isinagawa sa iba't ibang paaralan sa dibisyon ng Agusan del Sur nakita na ang MATATAG Curriculum bilang may malaking potensyal sa pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip at kasanayan sa paglutas ng suliranin ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinahayag na may pangamba hinggil sa pangangailangan ng mas malawak na propesyonal na paglinang at sapat na mga kagamitan upang maging matagumpay ang pagpapatupad ng mga bagong pamamaraan. Dagdag pa sa pag-aaral nina Kilag et al. (2024), natuklasan na ang mga pangunahing hamon ng mga gurong elementarya sa pagpapatupad ng MATATAG Curriculum ay ang kakulangan sa mga kagamitan at materyales, pagdami ng hinihingi ng kurikulum, at pangangailangan para sa mas pinaigting na propesyonal na paglinang at suporta. Inirekomenda sa mga kinaukulang awtoridad na maglaan ng sapat na kagamitan at materyales, bumuo ng mga programang pang-propesyonal na paglinang, at suportahan ang mga guro sa pamamagitan ng paglikha ng isang malikhaing at nakahihikayat na kapaligiran sa trabaho upang maging mas matagumpay na pagpapatupad ng MATATAG Curriculum (Wabingga et al., 2024).

Bagama't maraming pag-aaral na ang isinagawa hinggil sa implementasyon ng MATATAG Curriculum, karamihan sa mga ito ay nakatuon lamang sa mga pananaw, karanasan, at hamong kinakap ng mga guro sa pampublikong paaralan sa pagpapatupad nito. Dahil dito, mahalagang magsagawa pa ng mas masusing pag-aaral sa mga pampribadong paaralan sapagkat hindi ito napagtutuunan nang pansin at upang mapunan ang mga suliraning ito at higit na mapabuti ang implementasyon ng MATATAG Curriculum sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Sa kabuuan, bibigyang-tuon ng mananaliksik ang pagtukoy sa mga karanasan partikular sa mga hamon at mekanismo ng pagkaya ng mga guro sa pampribadong paaralan sa implementasyon ng MATATAG Curriculum. Inaasahan na ang resulta ng pananaliksik na ito ay makapagbibigay ng mahalagang impormasyon sa mga tagapamahala ng edukasyon, mga guro, at iba pang stakeholder upang higit na mapabuti ang pagpapatupad ng kurikulum at matiyak ang kalidad ng edukasyon sa bansa. Bibigyang-pokus ng mananaliksik ang mga suliraning kinakaharap sa pagtuturo ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang iba't ibang karanasan ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum. Partikular, nilalayong matugunan ang sumusunod na tanong:

- Ano ang hamon ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum?
- Ano ang mekanismo ng pagkaya ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum?

Saligang Teoretikal - Ang pag-aaral na ito ay nakasalig sa mga teoryang *Coping Theory* ni Lazarus at Folkman, *Self-Determination Theory (SDT)* ni Ryan at Deci, at *Experiential Theory* ni David Kolb. Ayon sa *Coping Theory* (1984), ang *coping strategies* o mekanismo ng pagkaya ng bawat indibidwa; ay nakadepende sa maaaring mapagkunan at magagamit. Kinilala ni Lazarus ang *self-efficacy*, *optimism*, *hope*, at *resilience* bilang susi para sa mas mabuting pag-unawa sa kung paano umangkop ang isang indibidwal sa *stress*. Ito ay maiuugnay sa *Self-Determination Theory (SDT)* ni Ryan at Deci (2020), ang tao ay likas na may motibasyon upang umunlad at makamit ang kanyang mga layunin. Ang tatlong pangunahing pangangailangan na ito ay ang *autonomy* o control sa sariling desisyon, *competence* o kakayahan, at *relatedness* o pagkakaugnay na magsisilbing pundasyon ng motibasyon ng mga guro at mahalagang salik sa paraan ng paharap sa mga pagbabago at hamon sa larangan ng propesyon. Sa pagdaragdag, inilahad ng *Experiential Theory* ni David Kolb (Binanggit ni Cherry, 2020), ang kaalaman ay nalilintang sa pamamagitan ng karanasan na nagsisilbing batayan sa pagbuo ng *coping mechanism* ng indibidwal. Ang mga teoryang ito ay nagsisilbing gabay sa pagbuo ng pag-aaral na ito.

2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Husserlian deskriptibong penomenolohikal na disenyo ng pananaliksik. Ito ay isang pilosopikal na metodolohiya ng pananaliksik na naglalayong maunawaan ang *lived experience* ng mga

indibidwal na layunin nitong ibalik ang kahalagahan ng mundo ng tao bilang pundasyon g agham sa pamamagitan ng paglapit sa mga bagay o *the things themselves* (Christensen, Welch, at Barr, 2017).

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay mga guro ng baitang 7 at 8 sa isa sa mga pamribadong paaralan ng bayan ng Palo, Leyte. Mayroong 10 na bilang ng mga respondente na pinili sa pamamagitan ng paggamit ng *purposive sampling* para sa pagkalap ng mga datos. Ayon kay Crossman (n.d.) ang *purposive sampling* ay isang posibilidad na *sample* na pinili batay sa mga layunin ng pag-aaral. Dagdag pa nito, ang *purposive sampling* ay kilala bilang *judgemental, selective, o subjective sampling*. Sa pananaliksik na ito, magsisilbing krayterya sa pagpili ng kalahok ang mga guro sa isa sa napiling pamribadong paaralan ng bayan ng Palo mula sa taong panuruan 2025-kasalukuyan, nagtuturo sa ilalim ng MATATAG Curriculum, at may kawilihan na maging kalahok ng pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *semi-structured* na talatanungan sa pangangalap ng datos. Ito ay sinuri ng tatlong (3) mga eksperto upang matiyak na magkakaroon ng katumpakan ang resulta ng isasagawang pag-aaral. Kinolekta naman ang mga datos noong ika-22 hanggang 24 ng Abril 2026. Matapos makuha ang mga datos sa isinagawang interview, mavalidate ang mga sagot ng mga kalahok, at malaman ang mga danas ng mga guro.

Ginamit ang *Collaizi's Seven Step of Data Analysis* (1978), ito ay nagbibigay ng masusi na pagsusuri sa bawat hakbang na nakakonekta sa mga datos na nakalap. Ginamit din ang *thematic analysis* upang maging balido ang mga datos. Matapos ma-*validate* ang mga datos ay nagsagawa ng *triangulation*, inihambing ang mga kasagutan ng iba't ibang kalahok, iniugnay ang mga datos sa literatura at iba pang sanggunian. Nang ma-*finalize* ang data, ibinalik ang datos sa kalahok, kung tama nga ba ang mga naitalang datos kung may nais silang ipabago o irekomenda. Sa ganitong paraan masasabing balido ang isinagawang pananaliksik sa tulong ng mga kalahok na ipakita sa kanila kung tama nga ba ang mga nakatala.

3. Resulta at Pagtalakay ng Pag-aaral

Ang bahaging ito ay presentasyon at interpretasyon ng mga datos na nakalap hinggil sa karanasan ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum batay sa isinagawang panayam.

3.1 Hamon ng mga Guro sa Implementasyon ng MATATAG Curriculum

Ang unang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga hamon na kinakaharap ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum. Sa isinagawang pagsusuri lumabas ang sumusunod na tema batay sa kalagayan ng mga guro sa sa implementasyon ng MATATAG Curriculum.

Hamon ng mga Guro sa Implementasyon ng MATATAG Curriculum

(a) **Kakulangan ng Training.** Batay sa resulta ng isinagawang pakikipanayam sa mga kalahok, ang mga guro ay nakararanas ng suliranin sa implementasyon ng MATATAG Curriculum partikular sa kakulangan ng training. Ayon kay Kalahok 1:

“Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang kakulangan ng sapat na oras para sa training bago ang mismong implementasyon ...” – Kalahok 1 – 04/24/26

Binanggit din ni Kalahok 2:

“Isa sa mga hamon ay ang kakulangan sa mga training. Kung mayroon man, ito ay kadalasang minamadali at hindi lubos na nagagamit.” – Kalahok 2 – 04/22/26

Sa pagpapatupad ng MATATAG Curriculum mahalagang bigyang-pansin ang kaalaman, kahandaan, at suporta sa mga guro bilang sila ang pangunahing tagapagpatupad ng pagbabago sa edukasyon. Isa sa pangunahing hamon na kinakaharap ay ang *insufficient professional development, rushed, at incomplete professional development* (Dadul et al., 2025). Karamihan ng mga guro ay nakaramdam ng kakulangan sa kahandaan, limitadong oras sa

training o pagsasanay, hindi sapat na oryentasyon, at kakulangan sa hands-on at praktikal na workshop (Dadul et al., 2025). Dahil dito, malinaw na may *implementation gap* sa pagitan ng inaasahang implementasyon at kakayahan ng guro sa pagpapatupad nito.

(b) **Limitadong Access sa Instructional Materials na nakabatay sa MATATAG Curriculum.** Ang limitadong *availability* ng mga *learning resources* o *instructional materials* tulad ng aklat, teknolohiya, *instructional materials*, at iba pang kagamitan upang maisakatuparan ang pag-implementa ng MATATAG Curriculum ay isa sa mga kritikal na suliranin na kinakaharap ng mga guro. Ayon pa sa paglalahad ni Kalahok 3:

“May mga pagkakataon ding kulang sa mga learning resources, kaya kinakailangan talagang maghanap ng mga online materials o kaya ay gumawa ng sariling learning materials.” – Kalahok 3 – 04/22/26

Binanggit din ng Kalahok 1, 2, 6, 7, 8, at 10:

“Dagdag pa rito ang kakulangan sa learning resources, na lalong nagpapahirap sa implementasyon ng bagong kurikulum.” – Kalahok 1,2,6,7,8,10 – 04/22/26

Ang pagkakaroon ng kakulangan sa mga kinakailangang kagamitan at materyales sa pagtuturo ay nagpapahirap sa mga guro na maihatid ang mga aralin at paksa na angkop sa layunin ng bagong kurikulum na nagresulta sa pagbaba ng kalidad ng edukasyon. Binanggit sa pag-aaral ni Fuentes (2025), napag-alaman na ang kakulangan sa sistematikong probisyon sa pagbuo ng mga *learning resources* at *instructional materials* ay nagresulta sa paglipat ng responsibilidad sa mga guro. Sa ganitong kalagayan, napipilitan ang mga guro na bumuo ng sariling *learning resources* at *instructional materials* na nagdudulot ng karagdagang *workload* at gastos (Jalagat, Jr. & Aquino, Jr., 2022).

(c) **Limitadong Oras sa Paghahanda ng Aralin.** Isa ring suliranin na kinakaharap ng mga guro ay ang limitadong oras sa paghahanda ng kagamitang panturo at aralin na nakabatay sa MATATAG Curriculum dahil sa dami ng gawain at pangangailang dapat matugunan naging limitado ang pagbuo ng epektibong gawain. Batay sa naging resulta ng pakikipanayam ang karanasan sa pagharap ng hamong ito ay ayon kay Kalahok 7:

“Ilan sa mga hamon ay ang kakulangan ng sapat na oras para sa paghahanda ...” – Kalahok 7 – 04/21/26

Ang kakulangan sa paghahanda ng aralin ay nakaaapekto ng lubos sa mga guro at sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kina Bensuserto at Bernardino (2025), ang implementasyon ng kurikulum ay nahahadlangan ng mga isyu tulad ng limitadong *learning resources*, kakulangan ng sapat na oras sa paghahanda ng aralin, limitadong paggamit ng teknolohiya, at ang agarang pag-ayos ng pedagogy.

(d) **Dagdag na Workload at Administrative Tasks.** Lubos rin na nararanasan ng mga guro ang pagdami ng mga gawain at gawaing administratibo na nagpapakita ng malaking responsibilidad at pasanin tulad ng mga ulat at iba pang gawain. Ayon sa Organisation for Economic Co-operation and Development o OECD (2025), mula sa report ng TALIS (2024), ang mga guro ay nakararanas ng labis na administrative workload na nagdudulot ng *stress* at *time pressure*. Ayon pa sa paglalahad ni Kalahok 4:

“Kasabay nito ang pagdagdag ng mga paper works at ang muling paghahati o pag-aangkop ng mga kompetensi upang mas maunawaan ng mga mag-aaral.” – Kalahok 4 – 04/22/26

Binanggit rin ni Kalahok 1:

“Dagdag pa rito ang patuloy na bigat ng administrative workload na hindi maikakailang nakakaapekto sa oras na dapat sana ay para sa lesson preparation at aktwal na pagtuturo.” – Kalahok 1 – 04/24/26

Sa pagharap ng bagong kurikulum sa edukasyon ay dumami ang mga *non-teaching responsibilities* na nakaapekto sa oras ng mga guro para sa paghahanda ng aralin, kalidad ng pagtuturo, kalagayang emosyonal at sikolohikal (Malinao at Miano, 2025).

3.2 Mekanismo ng Pagkaya ng mga Guro sa Implementasyon ng MATATAG Curriculum

Ang pangalawang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga ginagawang mekanismo sa pagkaya ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum. Ang sumusunod ay ang mga pamaraang ginagawa ng guro upang malampasan ang mga hamong hatid ng bagong kurikulum.

Mekanismo ng Pagkaya ng mga Guro sa Implementasyon ng MATATAG Curriculum

(a) **Kolaborasyon at Peer Support.** Batay sa resulta ng isinagawang pakikipanayam sa mga kalahok, ang mga mekanismo ng pagkaya ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG Curriculum ay ang kolaborasyon sa kapwa guro. Binanggit ni Kalahok 1:

“Mahalaga rin ang pakikipag-collaborate sa kapwa guro dahil sa pagbabahagi ng karanasan, lesson plans, at teaching strategies na mas pinadadali ang pagharap sa mga hamon ng implementasyon.” – Kalahok 1 – 04/24/26

Binanggit din ni Kalahok 2:

“Ang mga estratehiyang aking ginagamit upang makaangkop sa bagong kurikulum ay ang pakikipag-ugnayan sa ibang guro upang magbahagi ng mga ideya, resources, at best practices.” – Kalahok 2 – 04/22/26

Ang isa sa pangunahing paraan sa mekanismo sa pagkaya ay ang matinding suporta ng mga taong nakapaligid at pakikipagtulungan sa mga propesyonal (R. Pacatang & Gallardo, 2025). Sa pagdaragdag, ang pagtutulungan ng mga guro ay nagbibigay ng propesyonal at emosyonal na suporta habang hinaharap ang iba’t ibang *pressure* mula sa pag-angkop ng bagong *pedagogical framework* hanggang sa pamamahala sa mga kagamitan at resources (Wabingga at Tomakin, 2024). Ang *peer network* ay may mahalagang tungkulin lalo na kapag ang institusyonal na suporta sa *professional development system* ay kulang (Fuentes, 2025).

(b) **Self-Directed Learning.** Sa konteksto ng patuloy na pagbabago sa kurikulum, ang kakayahan ng guro na makaangkop sa mga bagong pangangailangan sa pagtuturo ay kinakailangan kaya naman ang isa sa mekanismo ng pagkaya ng mga guro ay ang Self-Directed Learning o ang sariling pagkatuto ng isang indibidwal. Nabahagi ng sumusuno na Kalahok 3, 5, 6, 8, at 9:

“Nagsasagawa rin ako ng pananaliksik at inaangkop ang mga best practices upang mas mapabuti ang pagtuturo.” – Kalahok – 04/22/26

Binanggit naman ni Kalahok 1:

“Malaki rin ang naitutulong ng panonood ng mga teaching demonstrations sa YouTube dahil dito ko nakikita kung paano isinasagawa sa aktwal na klase ang mga estratehiyang tinatalakay sa training.” – Kalahok 1 – 04/24/26

Sa pamamagitan ng Self-Directed Learning nagiging mas handa ang mga guro sa patuloy na paglinang ng kaalaman at kasanayan upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at maibahagi sa mga mag-aaral ng epektibo ang mga aralin. Ito ay kadalasang gumagamit ng mga *free online resources* o teknolohiya para masolusyonan ang gap sa pagkatuto at makahanap ng paraan upang maibahagi ang kurikulum (Pacatang & Gallardo, 2025).

(c) **Paglahok sa mga Seminars/Webinars.** Ang paglahok sa mga seminars/webinars ay isa sa mga mekanismo ng pagkaya ng mga guro upang maimplemeta nang mahusay ang MATATAG Curriculum dahil sa tulong nito

nadaragdagan ang kaalaman at kakayahan ng guro sa pagbabagong dulot ng kurikulum. Ayon pa sa paglalahad ni Kalahok 1, 2, 7, at 8:

“Aktibo akong nakikinig sa mga webinars at mga online teacher discussions upang manatiling updated sa mga bagong estratehiya at direksyon ng pagtuturo.” – Kalahok – 04/22/26

Binanggit ni Kalahok 5:

“Una, malaking tulong ang mga seminar-workshop tulad ng ginanap sa Borongan at Holy Infant na isinasagawa nang face-to-face. Bukod dito, kinakailangan din ang pagdalo sa kahit isang webinar kada buwan.” – Kalahok 5 – 04/22/26

Ayon sa mga pag-aaral, ang tuloy-tuloy na pagsasanay tulad ng seminar ay nagpapabuti sa mga kakayahan sa pagtuturo ng mga guro at naglalayon rin itong mapataas ang *resilience* ng mga guro (Singh at Sajitha, 2022). Sa karagdagan, ang mga guro na regular na nakikisangkot sa mga *professional development activities* ay mas handa upang harapin ang mga isyu sa silid-aralan at umangkop sa mga kailangan ng MATATAG Curriculum.

(d) **Self Motivation.** Ang pagkakaroon ng matibay na panloob ay nakatutulong lalo na sa mga pagbabago sa kurikulum at dagdag pa ang mga bagong gawain na kailangang tapusin ng mga guro. Sa kabila ng hirap, patuloy na ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga guro na nananatiling may positibong pananaw ay kayang malampasan ang mga kabiguan, manatiling *motivated*, at patuloy na magpabuti (Robinson et al., 2021). Nabanggit nina Kalahok 2:

“Palagi ko ring ipinapaalala sa aking sarili na ang pagtuturo ay isang habambuhay na proseso ng pagkatuto.” – Kalahok 2 – 04/22/26

Binanggit din ni Kalahok 8:

“Pinaaalalahan ko ang aking sarili na ang curriculum ay instrument lamang, ang puso ng edukasyon ay nasa ugnayan ng guro at estudyante, ang pagyakap sa pagbabago ay bahagi ng aking tungkulin bilang isang lifelong learner.” – Kalahok 8 – 04/22/26

Ang pagkakaroon ng mataas na tiwala o kumpyansa sa sarili ay nagbibigay-daan sa mga guro na maiwasan ang pagdududa sa sarili at mga negatibong kaisipan. Nang dahil sa mas malaking kumpyansa sa sarili, mas handang harapin nang guro ang hamong kinakaharap. Ang teorya nina Ryan at Deci na *Seld-Determination Theory (SDT)* ay nakatuon sa kung paano sinusuportahan o pinipigilan ng mga salik na panlipunang konteksto ang pag-unlad ng tao sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang sikolohikal na pangangailangan.

(e) **Pagkatuto ng mga Mag-aaral.** Sa kabila ng mga hamon tulad ng kakulangan ng training, limitadong access sa instructional materials, limitadong oras sa paghahanda ng aralin, dagdag na workload at administrative tasks patuloy pa rin na nagsusumikap ang mga guro, nananatiling mahalagang salik ang tagumpay ng mag-aaral bilang pangunahing pinagmumulan ng motibasyon ng mga guro (Ryan at Deci, 2000). Nabanggit ng lahat ng kalahok:

“Sa kabila ng pagod, stress, at sunod-sunod na pagbabago sa kurikulum, ang simpleng tagpo na may batang unti-unting natutong bumasa, nakakaintindi ng aralin, o nagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili ay sapat na upang maramdaman kong may saysay ang lahat ng aking sakripisyo sa araw-araw na pagtuturo.” – Kalahok – 04/22/26

4. Konklusyon at Rekomendasyon

Konklusyon - Batay sa mga nakalap na datos, nabuo ang sumusunod na konklusyon: (1) Ang mga hamon na naranasan ng mga kaguruan sa implementasyon ng MATATAG Curriculum ay kakulangan ng training, limitadong access sa *instructional materials*, limitadong oras sa paghahanda ng aralin, dagdag na *workload* at *administrative*

tasks. Sa kabilang banda, (2) ang pagkakaroon ng kolaborasyon at *peer support*, *self-directed learning*, paglahok sa mga seminars/webinars, *self motivation*, at pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang mga mekanismo sa pagkaya upang malampasan ang mga hamon sa implementasyon ng MATATAG Curriculum.

Rekomendasyon - Batay sa resulta at konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ng mananaliksik ang sumusunod: Una, ang Departamento ng Edukasyon at Private Sectors sa larangan ng edukasyon ay kailangan na magtulungan at magbahagi ng mga trainings/seminar/workshop na *collaborative at reflective* sa bawat buwan upang malalimang maunawaan at maikintal sa mga guro ang layunin ng MATATAG Curriculum partikular sa pagpapahusay ng aktwal na pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral. Ikalawa, magkaroon ng sentralisado at organisadong pamamahagi ng mga *instructional materials* kay naman kinakailangan na maglaan ang pamahalaan ng malaking pondo upang lahat ng paaralan ay makatanggap. Pangatlo, pagbuo ng sustainable na sistema ng edukasyon at malawakang reporma sa ilang gawaing administratibo at *working hours* upang mas makapagpokus ang mga guro sa pagtuturo at pagkakaroon ng *teacher support staff system*.

5. Sanggunian

- Bandura, A. (1997). *Self-efficacy: The exercise of control*. New York: W.H. Freeman and Company.
- Cherry, K. (2019, October 10). What is a cross-sectional study? Verywell Mind. <https://tinyurl.com/mudynfs4>
- Christensen, M., Welch, A., & Barr, J. (2017). Husserlian Descriptive Phenomenology: A review of intentionality, reduction and the natural attitude.
- Colaizzi, P. (1978). Psychological research as a phenomenologist views it. In: Valle, R. S. & King, M. (1978). *Existential Phenomenological Alternatives for psychology*. Open University Press: New York.
- Crossman, A. (n.d.). Pag-unawa sa purposive sampling. Eferrit.com retrieved from <https://tl.eferrit.com/pag-unawa-sa-purposive-sampling/>
- Darling-Hammond, L., Hyster, M. E., & Gardner, M. (2017). *Effective teacher professional development*. Palo Alto, CA: Learning Policy Institute.
- Dadul, M. A. C., Labutap, R. G., Arigon, N. B. P., Dacuno, K. J. D., & Biasong, M. D. R. (2025). Teachers' sentiments on the implementation of the DepEd MATATAG curriculum. *East Asian Journal of Multidisciplinary Research*, 4(6), 2551–2568. <https://doi.org/10.55927/eajmr.v4i6.192>
- Demate, D., Aclis, M., Catbagan, F., Molina, G., Ramos, N., & Patacsil, F. (2025). Teacher perspectives on MATATAG curriculum: Challenges and collaborative solutions. *East Asian Journal of Multidisciplinary Research*. <https://doi.org/10.31893/multirev.2025351>
- Department of Education (DepEd). (2023). MATATAG Curriculum Framework. Kagawaran ng Edukasyon, Pilipinas.
- Fuentes, M. (2025). Teacher experiences, challenges, and support needs in the implementation of the Philippine MATATAG curriculum: An integrative literature review. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 3(12), 167-178. <https://doi.org/10.69569/jip.2025.716>
- Fullan, M. (2007). *The new meaning of educational change* (4th ed.). New York: Teachers College Press.
- Guskey, T. R. (2002). Professional development and teacher change. *Teachers and Teaching: Theory and Practice*, 8(3), 381–391.
- Jalagat Jr., R., & Aquino Jr., P. (2022). Curriculum gaps in public administration: Perceptions of academicians and other stakeholders in the Philippines. *International Journal of Educational Leadership and Management*, 11(1), 89–116. <https://doi.org/10.17583/ijelm.8812>
- Kilag, O., Sasan, J., Maguate, G., Odango, J., Dela Cruz, J., & Fulgencio, R. (2024). Curriculum Innovation in Philippine Education: The MATATAG Curriculum. *International Multidisciplinary Journal of Research for Innovation, Sustainability, and Excellence (Imjrise)*, Volume 1, Issue no. 6 (2024). <https://risejournals.org/index.php/imjrise>
- Lazarus, Folkman. (1984). The Relationship between Psychological Capital, Coping with Stress, Well-Being, and Performance. Researchgate.Net. Retrieved 2022, from <https://tinyurl.com/yc54ja44>
- Lantaya, E. (2025). Teachers' attitudes and challenges in teaching Home Economics under the Matatag

- Curriculum. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 4 (3), 4976-4986.
- Teachers' attitudes and challenges in teaching Home Economics under the Matatag Curriculum
- Lilibeth P. Ta-Ala, Melba B. Sullivan, Erly M. Martir, School Heads' Readiness, Attitude and Experiences in the Implementation of the Matatag Curriculum among Public Integrated Schools, *International Journal of Science and Management Studies (IJSMS)*, v8(i3), 146-165.
- Malinao, A. J., & Miano, J. J. (2025). Implementing the MATATAG curriculum: A qualitative study on teachers' challenges, adaptation strategies, and support needs. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 3(5), 362–374. <https://doi.org/10.69569/jip.2025.133>
- Mula, R. Jeziel at Estapia A. (2026). Teachers' Perceptions and Attitudes towards the Implementation of the New Curriculum. *International Journal of Research And Innovation In Social Science (IJRISS)*
- OECD (2025), Results from TALIS 2024: The State of Teaching, TALIS, OECD Publishing, Paris, <https://doi.org/10.1787/90df6235-en>
- Ornstein, A. C., & Hunkins, F. P. (2018). *Curriculum: Foundations, principles, and issues* (7th ed.). Boston, MA: Pearson.
- Pacatang, M. R., & Gallardo, R. (2025). Transitioning K to 12 modifications to the MATATAG curriculum: Perceptions of basic education teachers in focus. *International Journal of Innovative Science and Research Technology*, 10(6), 462–465. <https://doi.org/10.38124/ijisrt/25jun531>
- Robinson, J., Wang, H., & Zhang, X. (2021). Personal resilience among educators: Strategies and implications. *Educational Psychology*, 41(5), 528–542. <https://doi.org/10.1080/01443410.2020.1803218>
- Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2000). Self-determination theory and the facilitation of intrinsic motivation, social development, and well-being. *American Psychologist*, 55(1), 68–78.
- Ryan, Deci, R. E. (2017). *Self-Determination Theory: Basic Psychological Needs in Motivation, Development, and Wellness*. Richard M. Ryan, PhD.
- Singh, R., & Sajitha, S. (2022). Role of teacher training in curriculum delivery: Insights from case studies. *Teacher Education Quarterly*, 49(1), 52–68. <https://doi.org/10.1177/07417136221084256>
- Ta-Ala, L. P., Sullivan, M. B., & Martir, E. M. (2025). School heads' readiness, attitude and experiences in the implementation of the MATATAG curriculum among public integrated schools. *International Journal of Science and Management Studies (IJSMS)*, 8(3), 146–165. <https://doi.org/10.51386/25815946/ijms-v8i3p113>
- Wabingga, R.J., & Tomakin, J.L. (2024). Challenges, coping strategies, and resilience in implementing the Matatag Curriculum: Insights from elementary teachers. *Journal of Interdisciplinary Perspectives*, 3(1), 120-127. <https://doi.org/10.69569/jip.2024.0614>

